# ARIEL SOTELO TABÁG

ARIEL SOTELO TABÁG. Ilokanong manunulat. Nakatanggap na ng mga gantimpala at *grant* mula Palanca, NCCA, KWF, NBDB, at ilang patimpalak sa Kailokanuhan para sa kaniyang mga nobela, maikling kuwento at tula. Awtor ng *Karapote* (koleksiyon ng maikling kuwento), *Ay, Ni Reberen! (*nobela), *Panangarakup iti Ipus ti Layap (*kalipunan ng mga tula), *Kapessat ti Bagis* (nobela), *Panangsapul iti Puraw a Kabalio* (nobela), *Villa ken Dadduma Pay nga Ababa a Sarita* (koleksiyon ng maikling kuwento), at *Voice Tape ken Dadduma Pay a Napili a Sarita* (koleksiyon ng piling maikling kuwento). Kasapi sa patnugutan ng *Bannawag Magazine.* Nagsasalin ng mga akda ng mga manunulat na Ilokano. Ipinanganak sa Villa, Santa Teresita, Cagayan at nakatira sa Quezon City kasama ang asawa at dalawang anak.

# BAGLAN

Ti tulag iti tagainep ti pammaneknek ti maysa nga akem
Ta iti Mannakabalin nga agsapata ti maysa a baglan—
Isu a mangikedkeddeng iti natan-ok, agas ken nakem.

Anansata dagiti balikas, mayaon iti daan a kasuratan
Isu a ti agas, maibatay iti umisu nga usar ti aglawlaw
Ti panagnakem, segun iti pannakayannatup ti rason.

Sabagay, ti nakasagana nga agserbi laeng ti mangako;
Mangeddeng kas kasapulan ken pannakapnek ti sabali
Usar ti siglat dagiti apong segun kadagiti sariugma.

Ken sabagay, daytoy a puro, naikabassit laeng a lubong
Adda amin ditoy a pinarsua, adda met ditoy ti pannakaawat
Masapul laeng iti tunggal aldaw, adda maysa a yaaddang.

# BABAYLAN

Ang kasunduan sa panaginip ang patunay ng isang tungkulin
Sapagkat sa may kapangyarihan nanunumpa ang isang
baglan—
Babaylang nagtatakda ng kung ano ang banal, lunas,
karunungan

Datapwat ang mga salita, nahahango sa lumang kasulatan
Kung kaya ang lunas, ayon sa wastong gamit ng kaligiran
Ang pagpapadunong, ayon sa pag-aangkop ng katuwiran.

Kunsabagay, siyang handang manilbihan ang aako lamang;
Magpapasiya ayon sa kailangan at kasiyahan ng kapuwa
Gamit ang husay ng mga ninuno ayon sa mga alamat.

At kunsabagay, itong isla, pinaliit lamang na santinakpan
Naririto ang lahat ng nalalang, naririto rin ang kaalaman
Kailangan lamang sa bawat araw, may isang paghakbang.